# Medical mission para sa kidney donors

Sa *medical mission* na handog sa may 99 na *kidney vendors* (nagbenta ng bato) mula sa ilang bayan ng Camarines Norte, 17 lamang ang nakarating. Ito ay dahilan sa malabagyong panahon noon. Idinaos ito noong Nobyembre 22, 2011 sa *Labo District Hospital (LDH)*, Brgy. Talobatib, Labo. Itinaguyod ito ng ***Asia ACTS*** *(Asia Against Child Trafficking)* at ***Philippine Society of Nephrologist, Inc.***, sa pakikipagtulungan ng pamahalaang panlalawigan na pinamumunuan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado. Ang kahalintulad na misyon ay una nang ginawa ng *Asia ACTS* sa Lopez, Quezon kung kaya't natukoy ang 99 na mga kidney vendors dito sa Camarines Norte, at Camarines Sur na naka-

*(Sundan sa pahina 6)*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 2, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE 2011

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"

Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

**nasa loob**

EDITORYAL 4
LITERARY 5



*Ang Medical Mission for Kidney Donors na isinagawa ng Asia ACTS at Philippine Society of Nephrologists, Inc., katuwang ang pamahalaang panlalawigan partikular ang maybahay ni Gob. Egay Tallado na si Gng. Josie B. Tallado, kasalukuyang Chairperson ng Philippine Red Cross, Camarines Norte Chapter, na nagbigay ng buong suporta sa programa upang mabigyan ng serbisyong-medikal ang mga kidney donors dito.*










# Multi-Services caravan para sa apat na bayan dito

Umula't umaraw ay hindi pagsaswaan", ito ang bahagi ng isang kanta na sumasalamin sa walang sawang paglilingkod ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado sa kanyang mga kababayan lalo na iyong mga nasa pinakadulong bahagi ng labindalawang (12) bayan ng Camarines Norte.

Maraming ulit na itong pinatunayan ng gobernador na patuloy na dinadala ang *Provincial Multi-Services Cara-*

***(Sundan sa pahina 5)***





*Ibinabahagi ni Gob. Egay Tallado sa mga Brgy. Officials ng Brgy. Batobalani, Capacuan, Dalnac, Dagang, Gumaus, Maybato, Malacbang, P. Munti at Talusan, Paracale ang mga programang ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan sa isinagawang MS caravan sa Brgy Batobalani. Nagbibigay naman ng kani-kanilang mensahe sina Bokal Gaying Pedron at Gerry Quiñones sa serye ng MS Caravan na ginanap sa multi-purpose covered court sa bayan ng Basud.*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Pagsasanay ukol sa KOHA Integrated Library System (ILS), isinagawa; implementasyon ng ILS sisimulan na ng CN Prov'l Library


Ang dalawang araw na pagsasanay tungkol sa KOHA *Integrated Library System* ay isinagawa noong Nobyembre 22 at 25, 2011 sa *Camarines Norte Provincial Library (CNPL), Provincial Capitol*, Daet. Naging tagapagtalakay rito ang tatlong kinatawan mula sa *National Library of the Philippines (NLP)* na sina Maricris Abancia, Anna Fe Azuela at Charlie Garcia ng *Information Technology Division (ITD)* ng *NLP*.

Dumalo sa naturang aktibidad ang mga kawani ng *CNPL* at *municipal librarians* mula sa mga pamahalaang lokal ng mga bayan ng Basud, Capalonga, Daet, Jose Panganiban, Labo at Paracale.

Maliban sa pagbabahagi ng mga napapanahong impormasyon at makabagong teknolohiya sa mga tagapamahala ng mga silid-aklatan dito sa Camarines Norte, ang *NLP* ay nagkaloob ng tig-iisang *computer set* kasama na ang *KOHA Integrated Library System*. Ang nasabing makabagong kagamitan at teknolohiya ay pormal na tinanggap ng mga benepisyaryo sa loob ng isang angkop na *turn-over ceremony.* Ito ay dinaluhan nina *Executive Assistant IV* Jose G. Boma ng *Office of the Provincial Administrator* at G. Gino Villafranca ng *Office of the Governor*.

Isa sa malaking hamon sa isang *librarian* ay ang pagtiyak sa maayos na pangangasiwa ng kanyang silid-aklatan. Unang-una na rito ang pagkakaroon nang malawak na kalipunan ng mga aklat at iba't-ibang makabuluhang babasahin. Pangunahin din nilang tinututukan ang pagbalangkas at paggamit ng maayos na sistema upang madaling makita at magamit kaagad ng sinuman ang iba't-ibang aklat at babasahin. Kasama ring tinututukan ng mga tagapangasiwa ng aklatan ang pagtiyak na lubos na napapangalagaan ang mga kagamitan nito para mas marami pa ang makinabang.

Sa aspetong ito makikita ang kahalagahan ng *KOHA-Integrated Library System* na siyang ganap na magpapabilis at magpapahusay sa serbisyong inihahatid ng mga silid-aklatan. Sa nabanggit na makabagong sistema ng aklatan, panalo ang mga mambabasa, nagsasaliksik (*researchers*), empleyado at sinumang kliyente ng mga aklatan. *DARIO C. DIME*




# Cam. Norte isa sa Mangrove Pilot Project site sa Bicol Region

Mapalad ang lalawigan ng Camarines Norte na maging benepisyaryo ng *Mangrove Rehabilitation Project* matapos ang ginawang ebalwasyon ni G. Sherwin Ian Nallos, *Technical Staff, Regional Fisheries Training Center (RTFPC)* ng Tabaco City, sa Purok 4, Brgy. Bagasbas.

Nagkaroon ng 3 araw na pagsasanay ukol sa *Mangrove Rehabilitation and Livelihood Project* noong Nob. 16, 2011 sa nabanggit na lugar kaug-

(Sundan sa pahina 7)



# Provincial Statistical Exhibit






Isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ang isang *statistical exhibit* sa *main lobby* ng *Provincial Capitol* simula Oktubre 3-31, 2011 sa pamamagitan ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator (PPDC)*.

Ito ay bahagi pa rin ng pagdiriwang ng *National Children's Month* ngayong taon na may temang *"Local Council for the Protection of Children (LCPC)* para sa *Bright Child*: Pakilusin, Palakasin, Pagtulungan Natin" at pakikiisa rin sa *National Statistics Month* ngayong taon na may temang *"Equality Social Protection Statistics for Focused Targeting: Improving Outcomes Changing Lives"*.

Idinaos ang eksibit sa hangaring maibigay ang tamang impormasyon ukol sa kalagayan ng mga kabataan at kababaihan dito sa lalawigan. Ang mga estadistika o datos na nakalagay rito ay nakatulong din sa mga nagsasaliksik *(researchers)*, mga organisasyon at mga tagapaglano *(planners)* para sa pagbalangkas nila ng iba't-ibang istratehiya para epektibo at kumprehensibong maipatupad ang mga programa at proyekto na tumutugma at tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan ng lalawigan lalo na para sa mga pinakamahihirap na pamilya rito.

Itinampok din sa eksibit ang kalagayang pangkalusugan at iba pa ng mga kabataan sa lalawigan base sa kanilang *life cycle*, mula sa mga nasa sinapupunan pa lamang *(unborn)*; sanggol o *infant* (0-2 dalawang taong gulang); *early childhood care and development* o *ECCD* (3-5 taon); *childhood* (6-12 taon), *adolescence* (13-17 taon), at *social protection*. Ipinakita rin dito ang *poverty statistics* ng lalawigan na isinalarawan sa pamamagitan ng mga *graphs*, *maps* at *tables*. *MARILYN P. ASIS*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

*Programang Pangkabuhayan*

# Hataw sa kalabaw

Sa ilalim ng programang pangkabuhayan ng Pamahalaang Panlalawigan sa administrasyon ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado, 118 ulo ng mga dumalagang kalabaw na pwede ng palahian ang ipamimigay. Ito ay isasakatuparan sa pamamagitan ng *Provincial Veterinary Office (PROVET)* na pinamumunuan ni Dr. Edgardo S. Gonzales, *DVM*, *Provincial Veterinarian*.

Kaugnay nito, idinaos noong Oktubre 11, 2011 sa *Audio-Visual Room (AVR)*, *3rd floor annex*, *Provincial Capitol* ang isang oryentasyon ukol sa tamang pangangalaga sa mga kalabaw. Dinaluhan ito ng mga benepisyaryo ng programa na mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan. Sila ay nakapasa sa pamantayan at pagsisiyasat na una nang ginawa ng kinauukulang opisyal ng kanilang barangay.

Pinangunahan ni Dr. Gonzales ang naturang pagsasanay kasama ang mga kinauukulang kawani ng *PROVET.* Dumalo rin bilang isang kalahok si *Executive Assistant IV* Jose 'Joey' G. Boma na nagbigay rin ng maikling mensahe sa mga magsasaka patungkol sa nasabing programa.

Binigyang-diin sa naturang pagsasanay na mahalagang mapangalagaan nang wasto ang mga inahing kalabaw sapagkat ito ay mananatiling pag-aari ng gobyerno, at ang magiging anak lamang nito ang magiging pag-aari ng benepisyaryo. Ipinaunawa rin sa mga benepisyaryo na kailangang sundin nila ang mga patakarang nakapaloob sa kontratang nilagdaan nila. Ang paglabag nila sa anumang probisyon ng kontrata ay magiging basehan sa pagbawi ng alagaing-hayop at ilipat sa iba ang pangangalaga rito.

Itinuro rin sa mga benepisyaryo ang matipid at makabagong sistema ng pag-aalaga sa kalabaw gaya ng pagtatanim ng masusustansyang uri ng damo; proseso sa paggawa ng atsarang damo; angkop na pabahay sa hayop, at pag-alam sa mga sintomas ng sakit upang di mapeste ang hayop o kaya ay magamot kaagad.

Mahigpit na ipinatutupad ng *PROVET* ang mga regulasyon ng programa para matiyak na magiging matagumpay ito at mas marami pa ang makinabang dito. Ito ay isinusulong ni Gob. Tallado sa layuning mabigyan ng alternatibong pagkakakitaan ang mga magsasaka sa lalawigan.

Bilang karagdagan, ang mga kalabaw ay hindi na lamang pantrabaho sa bukid ngayon. Ang mga kalabaw ay magandang palahian sa *imported* na *murrah buffalo* para maging gatasan. Makatutulong ang maramihang produksyon ng gatas ng kalabaw upang maibsan ang malnutrisyong dinaranas ng ating mga kababayan, partikular na ang mga kabataang nabibilang sa mahihirap na pamilya.

Kaugnay ng nabanggit na pangkabuhayang programa, namahagi rin ang *PROVET* ng 100 ulo ng kambing bilang tulong sa ating mga kababayan. ***PROVET-S.O.V.***



# Lecture on local history itinampok sa pagdiriwang dito ng Museum's Month; Museum Tour cum Puppet Show idinaos din

Ang pagkilala at pagpapahalaga ng Pamahalaang Panlalawigan sa mga kabataan ay nabigyang pansin sa maraming aktibidad na naisagawa ng Panlalawigang Museo. Sa mga nagdaang taon, ang Museo Bulawan, *Provincial Community Museum*, ay tuluy-tuloy na naghatid ng kasiyahan at kaalaman sa kanilang mga kliyente sa pamamagitan ng ilang serye ng *museum exhibits.*

Kaugnay nito, itinaguyod ni Gob. Edgardo A. Tallado ang iba't-ibang gawain noong Oktubre 2011 bilang pakikiisa sa *Museum's Month Celebration.* Ito ay sa pamamagitan ng Tanggapan ng Museo, Panulukan at Sinupan na pinamumunuan ni G. Abel C. Icatlo, *Museum Curator/Camarines Norte Investment Promotion (CNIP) Officer- Designate* na nagsagawa ng *lecture on local history* at *museum tour cum puppet show* na tinawag na, "Bisita Kultura, Bisita Museo".

Ang programa ay idinisenyo upang muling mabisita at masulyapan ang ating mayamang kasaysayan at kultura. Isinagawa ito sa paraang makasining na nakahikayat sa mga kalahok lalo na sa mga kabataan upang pag-ibayuhin ang pagbabasa para sila ay mas maging makabayan at responsableng mga mamamayan. Hindi ito nakabagot sa mga kabataan sapagkat naaliw sila sa masiglang pagtalakay sa mga paksa na isinagawa sa pamamagitan ng *puppet show*.

Matatandaan na ang mga dumalo sa aktibidad ay ang mga mag-aaral mula sa mga pampubliko at pribadong paaralang elementarya rito sa bayan ng Daet na una nang inanyayahan ng mga kawani ng Museo Bulawan. Partikular na nakiisa rito ang: *Daet Elem. School (DES)*, *La Consolacion College of Daet (LCCD)*, San Luis *Elem. School*, at Abaño *Laboratory School*. May ilang *pre-schools* din na bumisita sa museo at nanood ng *puppet show* tulad ng Bahay Kaalaman sa bayan ng Talisay at ang *Mary's Bright Montessori* sa Brgy. Cobangbang, Daet.

Inaasahan ng pamunuan ng GO-MASCD na mas marami pang mga mag-aaral ang maiengganyo na bumisita sa museo bilang pagtugon sa patuloy na pag-imbita ng nabanggit na tanggapan na siyang namamahala sa pagpapalaganap ng mayamang kasaysayan ng ating lalawigan at pagpapaunlad ng ating katangi-tanging kultura.
***AIDA B. PANDEAGUA***

# 3rd AFC Bicol Summit Isinagawa

Ang *3rd AFC Bicol Summit* na magkatuwang na itinaguyod ng *Department of Agriculture (DA)* at *Regional Agricultural and Fishery Council (RAFC)*, *Region 5* ay idinaos sa *DA Compound*, San Agustin, Pili, Camarines Sur noong Nobyembre 22-24, 2011 sa ilalim ng temang: "*Tulong-tulong at Sama-Samang Pagsulong para sa Pag-unlad ng Sakahan at Pangisdaan*". Isinagawa sa 3-araw na gawain ang *technical sessions*, *presentation of position papers*, *resolutions* at *mini agrifairs* upang ipakilala ang mga produktong ipinagmamalaki ng anim (6) na lalawigan ng Rehiyon 5.

Pangunahing dumalo sa pagtitipon sina *Regional Executive Director* Jose V. Dayao; *RTD Dr.* Elena delos Santos; *RTD* Edgar Madrid, *DPM-DA RO5*, at G. Pedro Dumaraos, kinatawan ng *National Agricultural and Fishery Council (NAFC) Local Support and Coordination Division*, Diliman, Quezon City.

Nakiisa sa okasyon ang humigit-kumulang 200 kalahok mula sa pribadong sektor kasama ang mga *government partners* nito at mga *agricultural achievers* na ginawaran ng pagkilala sa larangan ng pagsasaka at pangisdaan. Pinangunahan ni *PAFC Chair* Efren Mago at *Acting Provincial Agriculturist* Francia B. Pajares ang 13 delegado mula sa Lalawigan ng Camarines Norte.

Sa mensahe ni *RED* Dayao, sinabi niya na ang *AFC* ay isang pribadong grupo na aktibong tumutulong sa pagsusulong ng sektor ng agrikultura at pangisdaan kung saan ilan sa mga miyembro nito ay retiradong empleyado ng pamahalaan. "Iisa tayo sa ating misyon at pananaw para sa ating mga magsasaka at mangingisda", dagdag pa ni *RED* Dayao.

Binigyang-pansin naman ni G. Dumaraos ng *NAFC* ang mahalagang papel na ginagampanan ng *AFC* bilang *consultative* at *monitoring body*, at *policy advocator.* Binanggit din niya na ang *AFC* ay dapat na maging bahagi ng anumang konsultasyon ukol sa paghahanda ng badyet para sa mga programang pang-agrikultura

*(Sundan sa pahina 7)*






PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com




# EDITORYAL

## Internal Organ Trafficking

Isang malungkot na katotohanan ang pagkakaroon ng mga kababayan natin dito sa Camarines Norte na nagsisipagbentahan ng kanilang mga *"kidney"* ó bató na nakakubli sa salitang "donasyon" subali't sa katotohanan, ang sistema ay bilihan pala. Napag-alaman din na ang bentahan ay laganap na noon pang 2007 at tinatayang hihigit pa sa 100 kababayan natin ang nakapagpabili na ng ***kidney*** at marami pang iba na hindi lumilitaw dahil sa takot na sapagka't sila ay nakipagkasundo sa bentahan ay maaari silang baliktaran. Hindi nila alam na sila ay itinuturing na biktima sa ilalim ng ***Republic Act 9208*** ó and *Anti-Trafficking in Persons Act of 2003* na isang batas na nagpoprotekta sa kanila.

Nguni't mas kalunus-lunos ang napala ng marami sa nagbenta sapagka't sa bilihang diumano'y nagkakahalagang P200L lamang ang pinakamataas ay kinakaltasan pa ng P80L ng *recruiter*, ó di kaya ay halagang katumbas lang ng isang ***secondhand tricycle*** ang napagkasunduan, at pagkaminsan pa'y walang natatanggap ang nagbenta sapagka't ang *recruiter* ay ikinalakal lang pala siya.

Ito ang nakapanlulumong katotohanang lumitaw sa isinagawang ***medical mission*** ng ***Asia ACTs*** at ***Philippine Society of Nephrology, Inc. (PNS)*** na ginanap sa Labo District Hospital noong Nob. 22, 2011. Sapagka't sa una pa lamang na pahatid-balita, **99** ang sinasabing biktima ng ***internal organ trafficking*** dito sa lalawigan at **66** dito ay mga taga-Labo, kumilos kaagad si Gob. Egay Tallado at todo-suporta naman ang kanyang butihing ginang na si *Philippine Red Cross Camarines Norte Chapter Chairperson* Josie B. Tallado.

Indikasyon lamang ito ng sobra nang kahirapan at kamangmangang. Kahirapang nagtutulak para kumapit sa patalim. Kamangmangang nagiging sanhi upang madaling lokohin. Ito ang pilit na tinutugunan ni Gob. Tallado sa pamamagitan ng pagbibigay-oportunidad sa edukasyon at kasanayang-pangkabuhayan sa ating mga kababayan lalo't higit sa mga nasa liblib na kanayunang pilit inaabot ng kanyang *multi-services caravan.* Totoong hindi ito kakayanin sa magdamagan ó maikling panahon lamang. Subali't kung ang isang pinuno ay tunay na tapat sa kanyang sinumpaang tungkulin, at kung ang mga taong pilit niyang tinutulungan ay nakikiumisa sa nais niyang gawin para sa kanila ring kapakanan, walang hindi makapagpapadali sa anupamang naisin.

# National Children's Month Activities pinangunahan ni Mam Josie B. Tallado




*Nagbibigay ng mensahe si Gng. Josie B. Tallado sa mga kabataang lumahok sa Children's Month Celebration na ginanap sa Bagasbas Pavillon, Daet kung saan namahagi siya ng mga tsinelas at nagbigay rin ng libreng gupit sa mga kabataan. Nagsagawa rin ng feeding program ang ilang NGO's partikular ang mga sumusunod: Kiwanis Club of Daet, Rotary Club of Daet. Ang Phil. Dental Assn., CN Chapter naman ay nagbigay ng libreng bunot ng ngipin at namahagi rin ng mga sepilyo sa mga kabataan. Samantalang ang Phil. Navy naman ay nagbigay rin ng libreng gupit. Nakiisa rin ang Jollibee Daet kung saan inaliw ng mascot ang mga dumalo rito. Ang programang ito ay pinangasiwaan ng mga kawani ng Provl. Social Welfare & Devt. Office.*





# Mam Josie B. Tallado nahirang na PRC CN Chairperson






Katulad ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado, naging bokasyon na rin ng kanyang butihing maybahay na si Mam Josie Baning-Tallado ang magsilbi sa mga taga-Camarines Norte sa loob at labas man ng *Provincial Multi-Services Caravan* – kaninuman, saanman at anumang oras.

Kaya hindi nakapagtatakang nahirang kamakailan si Mam Josie

*(Sundan sa pahina 5)*

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.— Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

## Literary



### Ikaw ang Aming Bayani

ni *EDWARD TAPAR, CNSC Entienza Campus*
*Brgy. Tabugon, Sta. Elena, Cams. Norte*

Wala nang hihigit pa, sa isang pangarap
Kung hatid nito ay magandang bukas
Ngunit pangarap na mithii'y paano malalasap?
Kung buhay ay nagdarahop karununga'y salat.

Sa panahon ng krisis, at abang pamumuhay
Kayraming kabataang landas ay "naliligaw"
Walang ipantustos sa kanilang pag-aaral
Sapagkat may "higanteng" dito ay humahadlang.

Anino ng kahirapan ang siyang piping saksi
Lahat ng pagdurusa at pagiging api
Mga taong mangmang dito ay nakakubli
Pagkat para sa kanila, sila ay walang "silbi".

Mabuti na lang may isang mabuting nilalang
Na s'yang isinugo ng Poong Maykapal
Upang pagbabago ay aming makamtan
Sa "tuwid na landas" sa ami'y mag-aakay

**EDGARDO TALLADO** ang kanyang pangalan
**EGAY** kung tawagin, malalim ang kahulugan
**E** – para sa **E**dukasyon,
**G**- may **G**aling na taglay
**A** – **A**kay sa tamang daan,
**Y** – **Y**aman ka ng lalawigan

**Gabay** ka ng kabataan, **haligi** nitong bayan
Prayoridad ay EDUKASYON tungo sa kaunlaran
Libreng pag-aaral, iyong ibinigay
Kaydaming natuwa na mga magulang.

Di kami nagkamali nang ika'y suportahan
Pagkat puso mo'y may tunay na kabutihan
Di isang saglit na kami'y pinabayaan
Laging nasa likod upang kami'y tulungan.

Sa iyong pag-upo, kaydaming nabago
Liku-likong daan, dagling itinuwid mo
Paglilingkod sa bayan at mga proyekto
Agad na isinulong tungo sa pagbabago.

Isa kang bayani sa aming paningin
Tulad mo'y bituing nagbibigay ningning
Nagsisilbing tanglaw sa daang madilim
Tungo sa kaunlaran sa panahong darating

Kaming kabataan, nabigyan ng pagkakataon
Tinatamasa ngayon libreng EDUKASYON
**Tulad mo** kami'y magsisikap maging **inspirasyon**
Sa mga kabataan ng susunod na HENERASYON.

# Multi-Services caravan...

*(Mula sa pahina 1)*

*van* (Sa Serbisyo Publikong Tunay, Aprub Ka Egay) sa mga taga-barangay, maaraw ó maulan man.

Ngayong Nobyembre 2011, nakatulong niya sa paghahatid ng iba't-ibang serbisyo sa ating mga kababayan sina Bise Gob. Jonah G. Pimentel at si *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata, Jr. na nakatalagang *provincial project director* ng *caravan*. Nakasama rin nila rito ang mga hepe at kaukulang kawani mula sa mga tanggapan ng pamahalaang panlalawigan.

Ang serye ng *caravan* ngayong buwan ay idinaos sa 4 na bayan sa magkakahiwalay na petsa: Nob. 4 – Brgy. Batobalani, Paracale; Nob. 11 – Brgy. Poblacion I, Basud; Nob. 18 – Brgy. *Old Camp*, Capalonga, at Nob. 25 – Brgy. Gaboc, Mercedes.

Susog sa ulat ng mga kinauukulang panlalawigang tanggapan, napagkalooban ng iba't-ibang serbisyo ang may 5,043 residente mula sa 8 pang barangay ng Paracale gaya ng: Capacuan, Dalnac, Dagang, Gumaus, Malacbang, Maybato, Pinagbirayan Munti at Talusan. Sa *caravan* sa Basud, umabot sa 4,615 katao mula sa 8 pang barangay nito ang napaglingkuran ng grupo ni Gob. Tallado tulad ng: Poblacion II, Bactas, Laniton, Mampili, Matnog, Mocong, Pinagwarasan at San Jose.

Kasama ang 4 pang barangay ng Capalonga, umabot sa 3,890 residente ang napagsilbihan ng *caravan* na mula sa: Alayao, Catabaguangan, Magsaysay at Tanauan. Batay pa rin sa ulat, tumanggap ng iba't-ibang serbisyo mula sa grupo ni Gob. Tallado ang may 4,081 katao mula sa 7 pang barangay ng Mercedes katulad ng: Apuao, Caringo, Catandunganon, Cayucyucan, Mambungalon, Manguisoc at Quinapaguian.

Walang sawa ring sumusuporta sa *caravan* ang butihing maybahay ni Gob. Tallado na si Gng. Josie Baning-Tallado na nagpapadala ng isang grupo na siyang nagbibigay ng libreng gupit, *hair dye* at *oil treatment* sa mga taga-barangay. Sinasamahan din niya ang gobernador sa pakikipagdaupang-palad sa ating mga kababayan maliban pa sa paminsang-minsang per-

*(Sundan sa pahina 6)*




***Ipinamamahagi ni Gob. Egay Tallado sa mga Brgy. Officials ang Assessment Roll mula sa tanggapan ng Provincial Assessor katuwang sina Bokal Ricky Manarang at Prov'l. Assessor Annabel Defeo. Samantala, mahaba naman ang pila sa Libreng Konsulta sa isinagawang MS Caravan sa Batobalani, Paracale. Nakilahok rin si Mayor Dominador S. Davocol ng Basud sa isinagawang MS Caravan sa kanyang bayan kung saan namahagi ng fruit-bearing seedlings ang OPAg sa pamamagitan ni Angel C. David, at ang mga pumila sa libreng medical consultation upang samantalahin ang mga serbisyong handog ng pamahalaang panlalawigan.***

# Mam Josie B. Tallado ...

*(Mula sa pahina 4)*

bilang tagapamuno ng *Philippine Red Cross Camarines Norte (PRC CN) Chapter*. Alam niya na kaakibat nito ang mas malaking tungkulin na handa umano niyang harapin alang-alang sa kanyang mga kababayan na inspirasyon niya sa bawa't paghamon at laban sa kanyang buhay.

Bilang *PRC chairman*, ang responsibilidad niya ay hindi nakasentro lamang sa pagtiyak sa kahandaan at tuluy-tuloy na suplay ng dugo para maisalba ang buhay ng sinumang nangangailangan nito - pasyente, naaksidente o biktima kaya ng karahasan o pang-aabuso. Ito ay sa dahilang ang *PRC* ay nagkakaloob na rin ngayon ng iba pang boluntaryong serbisyo gaya ng: *disaster management services*, *safety services*, *community health and nursing services*, *social services* at *volunteer services*. Ito ay kumikilos salig sa prinsipyo ng pandaigdigang samahan na *International Red Cross* at *Red Crescent Movement humanity*, *impartiality*, *neutrality*, *independence*, *voluntary service*, *unity* at *universality*.

Ang iba pang nahalal na opisyal ng *PRC CN* ay sina: Dir. Joey G. Boma – *vice chairman*; Dir. Joan Kristine T. Luna–*secretary*; Dir. Godofredo E. Peteza Jr.–*assistant secretary*; Dir. Efren U. Sale–*treasurer*; Dir. Muriel M. Pandi–*auditor*; Dir. Leonor P. del Barrio – *asst. auditor*; Dir. Agustin B. Mago–*public relations officer*, at ang mga miyembro na sina: Dir. Ernesto H. Madayag, Dir. Eliezer C. Molina; Dir. Marisol "Toots" Panotes, Dir. Oliver V. Pardo at Dir. Ronaldo C. Vargas.

Hinihingi naman ni Mam Tallado ang buong suporta at kooperasyon ng kanyang mga kasamahan para maibigay nila ang epektibo at napapanahong kawanggawa sa lahat ng nangangailangan ng kanilang serbisyo anuman ang kanilang lahi, relihiyon, kasarian, katayuan sa buhay o paniniwalang-pampulitikal man. Idinagdag ni Mam Josie na ang pagbibigay ng dugo para maisalba ang buhay ng kapwa-tao ay maituturing na isang kabayanihan sapagkat maaaring mailigtas nito ang buhay ng mga susunod palang lider ng ating bayan o bansa man. ***LT IBASCO***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# Medical mission...

*(Mula sa pahina 1)*

pagtala ng 62 *kidney vendors*, at 14 naman sa Davao at M'lang.

Dumating dito noong Nob. 21 ang 4 na *nephrologists* ó mga doktor na espesyalista sa bato *(kidney specialists)* na nagmula pa sa Maynila, at pawang miyembro ng *Philippine Society of Nephrology (PSN)*. Kaagad naman silang nagsagawa ng kalahating araw na oryentasyon ukol sa proseso ng misyon, sitwasyon ng *organ trafficking* na nakapaloob sa Sec. 4(g) ng *Republic Act 9208* mas kilala bilang *"Anti-Trafficking in Persons Act of 2003"*, at ang *Implementing Rules and Regulations (IRR)*. Dinaluhan ito ng mga lokal na miyembro ng *Philippines Against Child Trafficking* (PACT), mga *laboratory staff* na may humigit-kumulang 15 narses kabilang na ang mga *volunteer nurses*, 9 *social workers*, 5 *medtech* at 5 *barangay health workers (BHWs)* na itinalaga ni Gob. Tallado batay sa nauna nang kahilingan ng *Asia ACTS*. Ang lokal na grupo rito na pinangungunahan nina *Provincial Health Officer* Arnulfo G. Salagoste, M.D. at *Chief of Hospital* Jose Vernon A. Banal, M.D. ng Labo District Hospital ang tumulong sa *medical mission* kung saan binigyan ng libreng *medical check-up* pati kumpletong *blood test*, *creatinine* at *urine extraction* ang mga *kidney donors*.

Sinuportahan ito ng maybahay ng gobernador na si Gng. Josie Baning-Tallado na kasalukuyan ding *Chairperson* ng *Philippine Red Cross, Camarines Norte Chapter*, kung saan, sinagot niya ang mga gastusin sa 1-araw na pagkain ng buong *medical mission team* kasama na ang mga lokal na *medical staff* dito at ang mga *kidney vendors*. Bilang tugon sa kahilingan ng *Asia ACTS*, tinustusan naman ng mga kaukulang pamahalaang lokal ang transportasyon ng *kidney vendor/s* sa kani-kanilang nasasakupan. Ayon sa *Asia ACTS*, bibihira ang ganitong pagkakataon kaya nakapanghihinayang na hindi makakuha ng libreng *medical check-up* ang ating mga kababayan dahil lamang sa kakapusan sa pera para makarating sa *LDH* na siyang pinagdausan ng nasabing *medical mission.*

Pinagbigyan naman ng ilang *pharmaceutical companies* ang kahilingan ng *Asia ACTS* na ang mga *kidney vendors* ay mabigyan nila ng libreng gamot pagkatapos ng kaukulang tsek-ap at eksaminasyong-medikal. Tinugunan din ng DSWD ang panawagan ng Asia ACTs, na ipinadala si SWO IV Ma. Corazon Asido-Pitero upang magpaabot ng *mandatory services* sa mga *kidney vendors* susog pa rin sa probisyon ng *RA 9208.*

Matatandaan na sa pagsasaliksik ng *Asia ACTS*, lumabas na may 99 *kidney vendors* dito sa Camarines Norte kung saan 68 ang mula sa bayan ng Labo; tig-8 sa Mercedes at Sta. Elena; Daet-7; Vinzons-6, at tig-1 sa Capalonga at Paracale. Biktima sila ng *human trafficking* na dapat ding mabigyan ng tulong-medikal at angkop na serbisyo at programa katulad ng iba pang biktima ng trapiking. Tinatayang marami pang katulad nila ang nabiktima ng iligal na bentahan ng 'bato' ngunit nag-aatubiling lumantad. Patunay rito ang mga hindi nakasali sa pagsasaliksik ng Asia ACTs subali't dumalo rin nang mapakinggan ang panawagan sa mga radyo.

Dahil dito, ipinahayag ni Gob. Tallado na wala silang dapat ikahiya sapagkat biktima lamang sila ng pagkakataon at/ó kahirapan na sinamantala naman ng ilan. Hindi sila dapat matakot dahil hindi sila sasampahan ng anumang kaso at ililihim ang kanilang pagkatao.

Pinaalalahanan din ang lahat ng interesado na maaari silang makipag-ugnayan kay *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas na ang tanggapan ay katabi ng *Governor's Office (G.O.)* ó kaya ay tumawag sa kanilang telepono Blg. 440-0855 para sa mga susunod pang medical mission.

Ang *Asia ACTS* na isang *regional network organizations* na isinusulong din ang kampanya kontra *child trafficking* ay kasalukuyang nagsasagawa ng pagsasaliksik *(research)* para mai-dokumento ang *profile* ng mga *kidney vendors*, ang ruta ng trapiking gayundin ang mga salik at estadong pangkalusugan ng mga *kidney vendors* dito sa lalawigan, at sa Camarines Sur at Davao *City*. Ginagawa nila ito dahil sa pagkakalagay ng *World Health Organization (WHO)* sa Pilipinas bilang panlimang bansa sa daigdig na pinakamalaganap ang *organ trafficking*. Ang isa pang importanteng tinitingnan dito ay ang implementasyon ng *IRR on Organ Trafficking* na nasa ilalim ng *Anti-Trafficking in Persons Act of 2003 (Republic Act 9208).*

Inaasahan ng *Asia ACTS* na ang nabanggit na proyekto ay magsisilbing basehan tungo sa pagbuo at pagsusulong ng mga programa at mekanismo para mawakasan ang *organ trafficking* o iligal na bentahan ng parte ng katawan ng tao dito sa Pilipinas. ***LT IBASCO***

# Year-end bonus at cash gift ipinalabas agad

Nilagdaan ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang Memorandum Blg. 111027-09 noong Oktubre 27, 2011 na siyang nag-atas sa *Finance Group* ng Pamahalaang Panlalawigan na iproseso kaagad ang *Year-End Bonus* at *Cash Gift* ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan. Mabilis na tumalima sa kautusan ang mga kinauukulang opisyal at tanggapan kaya kinabukasan, Oktubre 28, natanggap kaagad ng mga taga-Kapitolyo ang kanilang kaukulang benepisyo.

Ginawa ito ng butihing gobernador bilang tugon na rin sa kahilingan ng mayorya ng mga empleyado ng pamahalaang panlalawigan na maipagkaloob agad sa kanila ang naturang *bonus* at *cash gift* na gagamitin nila para makapagpatala sa ikalawang semestre ang mga anak o kamag-anak nila na nasa kolehiyo.

Dahil karamihan ay kumuha na ng kalahati ng kanilang *Year-End Bonus at Cash Gift* noong Mayo 2011, ang makukuha nila ngayon ay kalahati na lamang ng kanilang isang buwang suweldo at P2,500.00 na kalahati ng P5,000.00 *cash gift*. Isang buwang suweldo at P5,000.00 *cash gift* naman ang matatanggap ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na hindi kumuha nito noong Mayo 2011.

Taos-puso namang nagpasalamat ang mga opisyal at kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan sa mabilis at positibong tugon ng gobernador sa kanilang kahilingan. Sinabi ng ilan na wala man umano silang anak na nagkokolehiyo, ang halagang natanggap nila ay ginugol nila sa ibang mahalagang gastusin para hindi na sila mangutang pa. ***LT IBASCO***

# Multi-Services caravan...

*(Mula sa pahina 5)*

sonal niyang pagsasagawa paghi-*hair dye* at/o *hot oil treatment* sa mga benepisyaryo ng *caravan*.

Nakikiisa rin sa *caravan* ang *PhilHealth* at *Social Security System (SSS)* sa layuning mailapit sa publiko ang kanilang mga programa at serbisyo. Hindi rin matatawaran ang tulong ng hanay ng *Philippine Army (PA)* na nagkakaloob ng libreng bunot ng ngipin sa mga taga-barangay maliban pa sa pangangalaga sa seguridad ng buong grupo ni Gob. Tallado na naghahatid ng *caravan*.

Nakalista sa ibaba ang kumpletong detalye ukol sa iba't-ibang serbisyo at paglilingkod na inihatid ng *Provincial Multi-Services Caravan* sa mga bayan ng Paracale, Basud, Capalonga at Mercedes at ito ay ang mga sumusunod:

| IBA'T-IBANG SERBISYONG IPINAGKALOOB | Batobalani, Paracale | Poblacion I, Basud Nob. 11, 2011 | Old Camp, Capalonga Nob. 18, 2011 | Gaboc, Mercedes Nob. 25, 2011 |
|---|---|---|---|---|
| Tina | 93 | 45 | 29 | 26 |
| Hot Oil | 273 | 179 | 186 | 142 |
| Gupit | 257 | 260 | 236 | 176 |
| Lugaw ni Warden | 1,100 | 800 | 900 | 1,100 |
| Libreng *Medical Check-Up*/Gamot/Bitamina | 1,732 | 1,716 | 1,461 | 1,151 |
| Bunot ng Ngipin | 239 | 213 | 159 | 217 |
| *Free Blood Typing/Blood Sugar* | | 60 | | 94 |
| *Reading Glasses* | 502 | 468 | 203 | 297 |
| Pantanim na Punungkahoy | 98 | 82 | 47 | 73 |
| Pantanim na Bungang-Kahoy *(Fruit Trees)* | 73 | 73 | 70 | 70 |
| Butong Pananim | 156 | 150 | 150 | 156 |
| *Tilapia Fingerlings* | 22 | 9 | 25 | 15 |
| *Cooking Demo* | 81 | 57 | 63 | 128 |
| *Animal Vitamins and Antibiotics* | 46 | 20 | 58 | |
| *Mandatory Cash Assistance* | 9 | 9 | 5 | 8 |
| *Assessment Roll* | 9 | 9 | 5 | 8 |
| *Reflexology Service* | 150 | 145 | | |
| ***LECTURE ORIENTATION:*** | | | | |
| Katarungang Pambarangay | 45 | 34 | 23 | 66 |
| *CNPGCEAP (Scholarship Program)* | 45 | 34 | 23 | 66 |
| *Job Ref./Scholarship for OSYs/NBI Clearance* | 23 | 34 | 51 | |
| *Laws on Child and Women's Protection* | 45 | 34 | 23 | 66 |
| *IEC Materials Distributed* | 45 | 184 | 173 | 222 |
| | **5,043** | **4,615** | **3,890** | **4081** |

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com

# 15 detenidong...

(Mula sa pahina 8)

ng *CNPJ Rehabilitation Section* ang kahandaan ng mga *examinees* at ang kaayusan ng *examination area* bago pa man ang araw ng pagsusulit. Nagpaabot naman ng suporta sa 15 detenido ang administrasyon ni Gob. Edgardo A. Tallado gayundin si *Schools Division Superintendent* Arnulfo M. Balane.

Sa pamamagitan ng *PCSSD*, itinaguyod ni Gob. Tallado ang naturang *Literacy Program* para matamasa ng mga detinado ang pantay na karapatan sa edukasyon at mapaunlad ang kanilang talino at potensyal. Inaasahan na sa pamamagitan nito, mas magiging handa sila sa pagharap sa lipunan oras na sila ay makalaya. Ipinatutupad ito susog na rin sa Bisyon at Misyon ng *CNPJ* partikular na ang paghubog sa asal at muling pagbuo sa pagkatao ng ating mga kapatid sa bilangguan.

Matatandaan din na binanggit ni Gobernador Tallado na patuloy niyang itataguyod ang mga programa para sa kapakanan at kagalingan ng mga detinado. Ipinaabot din ng gobernador ang lubos na pasasalamat sa buong pamunuan ng *CNPJ* na sumusuporta sa kanyang mga inisyatibo na makapagbigay ng serbisyo-publikong tunay kaninuman at saanman. Ipinahayag ito ni Gob. Tallado nang maging panauhing pandangal siya sa *National Correctional Consciousness Week Celebration* na idinaos sa *CNPJ* ngayon ding buwan ng Oktubre.

Ang resulta ng nasabing *ALS National Accreditation and Equivalency Test-Secondary* ay ipalalabas sa Pebrero 2012. Dahil dito, hinihikayat ang lahat na isama sa kani-lang panalangin na makapasa ang 15 detinado na kumuha ng pagsusulit. Hiningi rin ng pamunuan ng *CNPJ* sa lahat na ang mga detinedo ay bigyan ng angkop na tiwala at oportunidad para magkaroon sila nang maayos na buhay sa kanilang paglaya sa hinaharap. ***ARIES N. BALBAS***

# CNSC naiuwi ang una-ikatlong ...

(Mula sa pahina 8)

Cereno, ayon sa pagkakasunod. Naiuwi naman nina Noel C. Banzuela, Jr. at Julius D. Villaflores ng *Mabini Colleges (MC)* ang ikaapat at ikalimang pwesto, ayon sa pagkakasunod. Tumanggap sila ng mga kaukulang gantimpalang salapi, tropeyo at katibayan ng paglahok mula sa Pamahalaang Panlalawigan at *National Statistics Office (NSO), Daet, Provincial Office.*

Ang tatlong (3) kalahok na kolehiyo ay binigyan ng katibayan ng pagkilala sa pamamagitan ng naging tagapagsanay *(coaches)* ng kanilang kalahok sa patimpalak gaya nina: Ms. Ma. Elena A. Bidar at *Engr.* Renato A, Canaria ng *CNSC*; Mr. Elmer A. Delos Angeles, Jr. ng *MC*, at; si *Engr.* Cynthia C. Acerado ng *Our Lady of Lourdes College Foundation, Inc. (OLLCFI).*

Pinangunahan muli ni *Engr.* Victorio Corporal, *Chief, Quality Control Division* ng *Department of Public Works and Highways (DPWH)Field Office* ang grupo ng inampalan kasama sina *Assistant Provincial Agricultural Statistics Officer* Jose Noel delos Reyes, at Mr. Ramon B. Avila, *Education Program Supervisor-Mathematics* ng *Department of Education (DepEd).*

Bago ang patimpalak, isinagawa ang isang palatuntunan. Nagbigay rito ng *welcome address* si *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator* na binigyang-diin ang mga suportang ibinibigay ng Pamahalaang Panlalawigan lalung-lalo na sa sektor ng mga kabataan. Ang *overview* ng *PSQ* at pagpapakilala sa mga kalahok ay pinangunahan ni *Provincial Statistics Officer* Rodolfo P. Guevarra ng *NSO*. Si *District Statistics Officer* John Vincent D. Ramores naman ang nagpaliwanag ng proseso ng patimpalak.

Itinalaga naman bilang mga *proctors* ang mga kawani ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na sina *Statistician IV* Nimfa E. Camara; *Statistician III* Nida N. Tosoc; *Statistician II* Marilyn P. Asis; *Statistician I* Estella Marie A. Villagen, at; *Draftsman III* Jorge I. Ibasco. Ang mga empleyado naman ng *NSO* na si Virgilio I. Bayani ang nagsilbing *quiz master*; Ruth Ida E. Icatlo, *timer*, at; sina Vincent Ramores at Isidro C. Parlan bilang mga *scorers*.

Samantala, sina Bocatcat, Fajardo at Cereno ng *CNSC* na nakuha ang una, ikalawa at ikatlong pwesto sa patimpalak ang siyang kakatawan sa Camarines Norte sa *PSQ Regional Championship* na idaraos sa Nob. 23, 2011 sa Legazpi City. Ang mananalo rito ang magiging opisyal na kalahok ng Rehyon V sa *PSQ National Championship* na gaganapin naman sa Disyembre, 2011 sa Metro Manila.

Kung susumahin ay pito (7) na sa mga naging kalahok ng Camarines Norte ang nakasali sa kumpetisyon sa *national level* kung saan isa sa kanila ang nakakuha ng ikalawang puwesto noong 2003 sa katauhan ni G. Joel Abiera na isang mag-aaral ng *Mabini Colleges*.

Taun-taong isinasagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ang naturang gawain bilang suporta nito sa pagdiriwang ng *National Children's Month* at *National Statistics Month* tuwing buwan ng Oktubre.

Layunin nito na mabigyan ng pagkakataon na makalahok ang mga kabataan sa mga kumpetisyon, malinang ang kanilang interes at kaalaman sa larangan ng estadistika gayundin ang maitanim sa kanilang isipan ang kahalagahan nito. Ang estadistika ay napakahalaga sa proseso ng pagpaplano sapagkat ginagamit itong batayan ng pamahalaan at pribadong sektor man sa pagbuo ng mga angkop na programa at proyekto.

Sa pamamagitan nito, natutugunan ang pangunahing pangangailangan ng iba't-ibang sektor ng lipunan at mga organisasyon na daan para makapagbigay nang epektibo at mahusay na serbisyo sa mga mamamayan lalong higit sa mga nabibilang sa mahihirap na grupo. ***MARILYN P. ASIS***

# Cam. Norte isa sa ...

(Mula sa pahina 2)

nay ng proyekto. Dinaluhan ito ng 30 miyembro ng *Bagasbas Mangrove Development Association (BMDA)* sa pamumuno ng pangulo nila na si G. Fernando Jesuro. Ito ay sinubaybayan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ni G. Danilo Guevarra ng *Office of the Provincial Agriculture-Fisheries Devt. Division (OPAg-FDD)*, at si *Daet Municipal Agriculturist* Esther Macabuhay.

Tinalakay naman ni G. George Camacho, *RFTC Training Specialist* ang kahalagahan ng pagtatanim at tamang pangangalaga sa bakawanan; paano makatutulong ang proyekto sa pagbabago ng klima sa bansa at aspetong ligal ukol sa pagbabawal sa pagpuputol ng bakawan. Pinangunahan din nina G. Camacho at G. Nallos ang aktwal na pagtatanim sa 1.0 ektaryang sukat ng 3,333 tungki *(mangrove propagules)*. Ang *BFAR-RFTC V* din ang naglaan ng pundong P 13,332.00 ipinambili ng tungki at ibinayad sa mga nagtanim ng bakawan.

Binigyang-linaw sa mga miyembro ng *BMDA* na makalipas ang 3 buwan, magsasagawa ng pagbisita ang kinatawan ng *BFAR-RFTC V* at muling babayaran ang samahan ng tig-P4.00 bawat piraso ng tumutubong bakawan at sa pagmantini at pangangalaga sa proyekto.

Sa loob ng 2 linggong pagsubaybay, isasagawa ang pagpapalawak *(expansion)* ng taniman kung saan ang karagdagang 1.0 ektarya ay tatamnan ng 3,333 tungki na may kaukulang pondo mula sa *RFTC*. Natalakay rin dito na maglalagay ng *aquasilviculture project* kung saan maaaring mag-alaga ng alimango o lapu-lapu bilang karagdagang pagkakakitaan ng mga miyembro ng *BMDA*. Tutulong din ang *BFAR-RFTC V* sa pagbebenta ng produkto.

Inaasahang sa hinaharap ay magiging isa sa mga potensyal na *tourist destinations* ang *Bagasbas Mangrove Reforestation Project*. Kaugnay nito, hinihimok ang mga mamamayan na tumulong sa pangangalaga sa mga punongkahoy hindi lamang sa mga kagubatan kundi sa mga katubigan man na pinagkukunan ng kabuhayan ng ilan nating mga kababayan. ***MELINDA L. JEREZ***

# 3rd AFC Bicol Summit ...

(Mula sa pahina 3)

ng pamahalaan. Ipinabatid ni G. Dumaraos na ang *NAFC* ay nakahandang maglaan ng tulong-pinansyal sa lokal na pagtitipong tulad ng *Bicol Summit*. Kasama na rin ang pagpapalakas *(strengthening)* ng mga *Municipal Agricultural and Fishery Councils (MAFCs)*, at pagbibigay ng *insurance coverage* para sa mga *AFC chairmen*.

Ipinahayag naman ni *RAFC Vice Chair* Alfredo Rillo na sa nakalipas na dalawang dekada, ang *AFC* ay boluntaryong nagbigay ng tulong-teknikal sa pagsubaybay sa mga proyekto ng *DA* at mga pamahalaang lokal na siyang pinagkakatiwalaan nito pagdating sa pagpapaunlad ng sektor ng agrikultura at pangisdaan.

Sa isinagawang *technical session*, ang paksang *Role of the AFCs in Promoting Food Security through Nutrition Farming Program* ay tinalakay ni *RAFC Chair* Jesus Simon ng Rehiyon III; *Organic Agriculture: The Negros Experience* - Gng. Pamela Henares; *Regulations on Organic Agriculture* ng *Bureau of Agriculture and Fishery Product Standards (BAFPS)* - kinatawan ng *BAFPS, Quezon City; Weather Hazards and Climate Outlook for Bicol* - Dir. Landrico Dalida Jr., *PAG-ASA Region 5; Contingency Planning for Disaster and Emergencies: Building Resilient Communities - Regional Director* Bernardo Alejandro, *Office of the Civil Defense V*.

Kasunod nito, isiniwalat ng mga kinauukulang *PAFC/RAFC Chairs* ang mga resolusyong naipasa nila partikular na si *PAFC Chair* Mago ng *Camarines Norte* na iniulat din ang napagtibay na mga resolusyon ng kanyang grupo para sa taong 2011.

Samantala, binigyan din ng pagkakataon ang mga dumalo na makita ang mga produktong ipinagmamalaki ng mga kalahok na *AFCs* kagaya ng Camarines Norte na itinampok sa eksibit ang: *pandecillos*, pili *roll*, pili *candy*, *coated* pili, pili *tart*, pili *oil*, angko, masa podrida, atsara, *Formosa pineapple, pineapple juice, dehydrated pineapple* at barong, pamaypay at *pouch bag* na gawa mula sa *pineapple fiber* na siyang *One Town One Product (OTOP)* ng Labo, at ang *red lady* papaya ng *MAFC* Basud.

Inaasahan na mas magiging makabuluhan at makulay ang idaraos na *AFC Bicol Summit* sa susunod na taon na tatapat sa ika-25 na anibersaryo ng pagkakatatag ng naturang konseho. ***MJEREZ***

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com





# 15 detenidong nagtapos ng ALS-Secondary sumailalim sa National Accreditation and Equivalency Test

Ang *Alternative Learning System (ALS) National Accreditation and Equivalency Test-Secondary* para sa 15 detinedo ay matagumpay na naisagawa sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* noong ika-13 ng Nobyembre 2011. Sumailalim sila sa naturang pagsusulit na idinaos sa ikatlong palapag ng *CNPJ* simula ika-8 n.u. hanggang ika-12 ng tanghali.

Nagsilbing *examination proctors* ang dalawang guro mula sa *Department of Education (DepEd) National Office* na sina G. Ronnie C. Amoyo at Arnel B. Dela Pasion na siyang masusing nangasiwa at nagbantay para matiyak ang maayos na daloy ng pagsusulit. Naging abala rin ang kanilang *mobile teacher* na si Mrs. Liza Lontoc ng *Deped*-Daet na nagbigay-inspirasyon sa kanila.

Tiniyak naman ni *Acting Provincial Warden* Reynaldo N. Pajarillo at

*(Sundan sa pahina 7)*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 2, BLG. 7 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE, 2011
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com




*Nagbibigay si Acting Prov'l Warden Rey Pajarillo ng CN Provincial Jail ng kanyang mensahe sa mga dumalo at detinado sa isinagawang programa kaugnay ng selebrasyon ng National Correctional Consciousness Week na idinaos sa multi-purpose hall ng CNPJ.*

# CNSC naiuwi ang una-ikatlong pwesto sa PSQ Provincial Championship;

## kahalagahan ng estadistika sa pagbalangkas ng mga planong pangkaunlaran tinukoy




*Ang mga nagwagi sa Philippine Statistics Quiz-Provincial Level na isinagawa kaugnay sa selebrasyon ng Statistical Month dito sa Camarines Norte. Kasama rito ang mga hurado at coaches ng mga nanalo kung saan tinanghal na kampeon si John Marvin Bocatcat, at ikalawa at ikatlo naman sina Ronely Fajardo, Amor E. Cereno lahat nagmula sa CNSC main campus. Naiuwi naman nina Noel C. Banzuela, Jr. at Julius D. Villaflores ng Mabini Colleges (MC) ang ikaapat at ikalimang pwesto.*

**Nais ko na mapabuti ang kalagayan ng mga kabataan dito sa lalawigan kaya pinagtutuunan ng aking administrasyon ang tatlong programa, *scholarship* para sa mga kabataang mag-aaral ng lalawigan at maging sa mga *out of school youths (OYs)*, gawing *drug-free* ang Camarines Norte at masugpo ang mga iligal na gawain na sumisira sa mga likas-yaman ng ating lalawigan".** Ito ang buod ng mensahe ni Gobernador Edgardo A. Tallado sa isinagawang *Philippine Statistics Quiz (PSQ)-Provincial Championship* noong Oktubre 14, 2011 sa *Audio Visual Room (AVR), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol*, Daet, Camarines Norte.

Ayon kay Gob. Tallado, dalawang ulit niyang dinoble ang pundo ng *scholarship program* ng Pamahalaang Panlalawigan upang mas maraming mga mahihirap ngunit mahuhusay na mga estudyante ang matulungang makapagtapos ng kolehiyo. Pinagtutuunan din niya ang malawakang kampanya kontra iligal na droga upang hindi na nito mabiktima ang mga mamamayan ng Camarines Norte lalo na ang mga kabataan. Idinagdag ng gobernador na walang pinipiling biktima ang droga; mayaman at mahirap, bata o matanda man ay maaaring malulong dito at masira ang buhay at kinabukasan.

Sinabi pa ni Gob. Tallado na pinag-iibayo rin niya ang mga pagkilos para masugpo ang mga grupo na nagsasagawa ng *illegal logging* at *illegal fishing* na siyang sumisira sa ating mga yamang-lupa at yamang-tubig.

Sa bahagi naman ng *PSQ-Provincial Championship*, nakuha ng *Camarines Norte State College (CNSC)* ang una, ikalawa at ikatlong pwesto sa katauhan ng mga mag-aaral na sina John Marvin C. Bocatcat, Ronely D. Fajardo, at Amor E.

*(Sundan sa pahina 7)*

PDF Created with deskPDF PDF Writer - Trial :: http://www.docudesk.com